

ANG EID UL-ADHA MULA A TO Z (3 BAHAGI NG 3)

Marka:

Deskripsyon: Ang mga Muslim ay nagdiriwang ng dalawang kapistahan: Eid ul-Fitr at Eid ul-Adha. Ang mga araling ito ay sumasaklaw sa lahat ng bagay na kailangan mong malaman tungkol sa Eid ul-Adha upang gawin itong isang bahagi ng iyong buhay at mabigyang lugod si Allah.

Kategorya: [Mga Aral](#) › [Mga Gawaing Pagsamba](#) › [Mga Pagdiriwang](#)

Ni: Imam Kamil Mufti (© 2013 NewMuslims.com)

Nai-publish sa: 13 Apr 2018

Huling binago sa: 11 Apr 2018

Mga Layunin:

- Upang matutunan ang dalawang pamamaraan sa pag-aalay ng pagdarasal ng *Eid*.
- Upang matutunan ang palitan ng mga pagbati sa *Eid* at tamang pagtugon dito.
- Upang maunawaan ang pitong mahalagang mga payo para sa isang 'Maligayang *Eid*'

Mga Terminolohiyang Arabik:

- Allahu Akbar* – Si Allah ay ang Pinakadakila.
- Eid* - kapistahan o pagdiriwang. Ang mga Muslim ay nagdiriwang ng dalawang relihiyosong mga pagdiriwang, na kilala bilang *Eid-ul-Fitr* (na nagaganap pagkatapos ng Ramadan) at *Eid-ul-Adha* (na nagaganap sa panahon ng *Hajj*).
- Eid Mubarak* – pambating *Eid* na nangangahulugang 'Mapagpalang *Eid*.'
- Eid Saeed* – pambating *Eid* na nangangahulugang 'Maligayang *Eid*.'
- Fatihah* – ang pambungad na kabanata ng Qur'an na binabasa sa bawat *rakah* ng pagdarasal.
- Imam* – isang taong namumuno sa pagdarasal.
- Rakah* – yunit ng pagdarasal.
- Ruku'* - ang payukod na posisyon sa pagdarasal.
- Salat ul-Eid* – dalawang yunit ng ritwal na pagdarasal na inaalay sa *Eid*.
- Takbir* – pagsambit ng "Allahu Akbar".
- Takbiratul-Ihram* – pagsasabi ng 'Allahu Akbar' na sinisimulan ang pagdarasal.

· *Udhiyyah* – ang pangsakripisyong hayop.

· *Wajib* – obligado.

Pamamaraan para Sa Pagdarasal ng *Eid* (*Salat ul-Eid*)

Ang pagdarasal ng *Eid* ay obligado (*wajib*). Ito ay binubuo ng dalawang *rakahs*, na may karagdagang *takbirs* (pagsasabi ng 'Allahu Akbar'). Ang karunungan sa likod ng mga pagdarasal ng *Eid*, tulad ng mga araw ng *Eid* mismo, ay para pasalamat si Allah para sa Kanyang hindi mabilang na mga pagpapala. Ang *imam* ay magdarasal ng isa sa dalawang pamamaraan. Ipaliliwanag niya kung paano siya magdarasal bago ang simula ng pagdarasal:



1 PAMAMARAAN

Sa unang *rakah* ng pagdarasal ng *Eid*, ang *imam* ay mag-aalay ng 3 karagdagang *takbirs* pagkatapos ng *Takbiratul-Ihram* at pambungad na pagsusumamo subalit bago basahin ang *Fatihah*. Itaas ang iyong mga kamay sa bawat *takbir*, tulad ng ginagawa mo para sa *Takbiratul-Ihram*. Pagkatapos ng bawat *takbir*, hayaang ang mga kamay ay ipanatili sa mga gilid. Ilagay ang mga kamay nang magkasama pagkatapos ng ikatlo at huling *takbir*. Pagkatapos nito, ang natitira sa mga *rakah* ay pareho.

Sa ikalawang *rakah* ng pagdarasal ng *Eid*, ang Imam ay babasahin ang *Fatihah* at ilang bahagi ng Qur'an. Siya pagkatapos ay magsasabi ng 3 karagdagang *takbirs*. Ang mga ito ay tulad ng *takbirs* ng unang *rakah*, maliban sa iiwan mo ang iyong mga kamay sa iyong mga gilid pagkatapos ng ikatlong *takbir*. Matapos ang tatlong *takbirs* na ito ay nabigkas at nakumpleto, siya ay magsasabi ng *takbir* para sa pagsasagawa sa *ruku*, nang walang pagtataas ng kanyang mga kamay.

2 PAMAMARAAN

Tulad ng anumang pagdarasal, ang pagdarasal ay magsisimula sa *Takbiratul-Ihram* na sinusundan ng pambungad na pagsusumamo. Ito ay sinusundan ng 7 *takbeers* sa unang *rakah* at 5 karagdagang *takbeers* sa ikalawang *rakah*. Ang natitira sa pagdarasal ay tulad ng anumang iba pang pagdarasal.

Pagpapalitan ng mga Pagbati sa *Eid ul-Adha*

Ang kawalan ng kaalaman sa mga pagbating pumapaikot sa panahon ng *Eid* ay maaaring maging isang hindi komportableng karanasan. Ang hindi makipagpalitan ng anumang pagbati ay ganap na katanggap-tanggap sa Islam, subalit sa panlipunan ay

nakakailang. Samakatuwid, ang kaalaman kung ano ang mga pagbati at ang nararapat na pagtugon dito ay makatutulong sa iyo sa panlipunang pagtanggap.

Ang mga tao mula sa India at Pakistan ay bumabati sa isa't isa sa pagsasabi ng "*Eid Mubarak*" (Mapagpalang *Eid*).

Ang mga Arabo ay maaaring magsabi ng "*Eid Saeed*" (Maligayang *Eid*) o '*kullu' aam wa antum bi-khair'* (nawa'y ang bawat taon ay magdala sa iyo ng maayos na kalusugan).

Ang mga kasamahan ni Propeta Muhammad ay nagsasabi, '*taqabalallahu minna wa minkum*' (Nawa'y si Allah ay tanggapin ito mula sa atin at mula sa inyo).

Lahat ng mga ito ay mainam. Tumugon lamang sa pamamagitan ng pag-uulit ng parehong pagbati pabalik! Magiging mainam kung ikaw ay ngingiti o humingi ng tulong sa pag-uulit pabalik ng mga salita.

Payo para sa *Eid ul-Adha*

1. Gawin ang araw ng *Eid* nang malaya sa trabaho o paaralan. Kung hindi mo magagawa, mangyaring gumawa ng mga pakikipag-ayos para sa pagliban kahit man lamang sa pagdarasal ng *Eid*.

2. Gumawa ng mga pakikipag-ayos para sa pangsakripisyong hayop nang maaga. Maaari kang sumama sa lokal na mga Muslim sa kabukiran o isang bahay katayan. Ito ay magiging isang karanasan na hindi mo malilimutan! Maaari ka ring magnais na kumatay ng hayop ng ikaw mismo o maaari kang magkaroon ng isang kapwa Muslim na gagawa nito para sa iyo. Maaari ka ring magpadala ng pera sa isang Islamikong kawanggawa upang gawin ito para sa iyo at sila ang magpapamahagi ng karne sa mga mahihirap. Para sa milyun-milyong mga Muslim ito lamang ang pagkakataon sa buong taong sila ay makakakain ng karne. Maaari mong matagpuan ang maraming mga kawang-gawa sa pamamagitan ng paghahanap sa *online* para sa "*udhiyyah 2013* (o taon ng kasalukuyan)."

Kahit na paano para sa unang ilang mga taon pagkatapos tanggapin ang Islam, imumungkahi kong ipadala mo na lamang ang pera upang mapakain ang mga mahihirap na Muslim sa ibang bansa alinman sa pamamagitan ng iyong moske o isa sa mga *online* na Islamikong tumutulong na mga organisasyon. Maaari kang lumahok sa mga lokal na mga Muslim upang magkaroon ng karanasan kung nanaisin mo. Ang mga halaga ng paggawa ng *udhiyyah* sa ibang bansa ay mag-iiba batay sa kung saang bansang nais mong maisagawa ito. Ang ilang mga organisasyon ay nakalista sa ibaba, maaari kang makahanap ng maraming pang iba *online*:

<http://www.irusa.org>

<http://icnarelief.org>

3. Tawagan ang iyong lokal na moske o Islamikong tanggapan isang linggo bago ang *Eid ul-Adha* upang malaman ang oras at lugar kung saan ang pagdarasal ng *Eid ul-Adha* gaganapin. Pagkatapos ng pagdarasal ng *Eid*, mga etnikong matatamis at pagkain ay karaniwang inihahanda. Karamihan sa mga moske ay magpapakana ng hapunan ng *Eid* alinman sa gabi o sa loob ng susunod na ilang araw. Alamin kung kailan at kung nasaan ang mga ito at daluhan ito.

4. Huwag kang malungkot o makaramdam na naiiwanan. Gumawa ng mga pakikipag-ayos sa iyong Muslim na mga kaibigan o mga pamilya sa maagang panahon upang dalawin sila para sa *Eid ul-Adha*. Anyayahan ang Muslim na mga kaibigan at magluto para sa kanila. Kung hindi ka nakakapagluto, kumain kang kasama nila. Sikaping ibilang ang iyong mga di-Muslim na miyembro ng pamilya sa pamamagitan ng pagsasama sa kanila sa pagdarasal ng *Eid* kasama mo o hayaan silang dalawin ka para sa hapunan kasama ng iyong Muslim na mga kaibigan. Kakailanganin ng ilang pagpapalano. Gawin ito nang maaga. Mayroon kang apat na araw upang magdiwang!

5. Ang mga pamilya ay nagbibigay ng mga regalo sa mga bata sa *Eid*. Si Propeta Muhammad ay nagsabi: "Magpalitan ng regalo sa isa't isa, kayo ay magmamahalan sa isa't isa." (Bukhari, Al-Adab Al-Mufrad) Maaari mo ring naising magbigay ng mga regalo sa iyong di-Muslim at Muslim na mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan.

6. Magboluntaryo sa araw ng *Eid* sa iyong lokal na moske. Sila ay mangangailangan ng mga boluntaryo para sa paradahan, pagsasaayos ng pagkain, paglilinis, mga gawaing pambata, at iba pa.

7. Magbihis para sa *Eid*. Bumili ng ilang mga bagong damit at maging nasa 'pagdiriwang' na kalagayan!

Ang web address ng artikulong ito:

<https://webcache001.newmuslims.com/tl/articles/209/ang-eid-ul-adha-mula-to-z-3-bahagi-ng-3>

Copyright © 2011 - 2024 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.